Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 11, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edwin C. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan **(Gumaganap na Punong Bayan)** |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay-**Leave** |

x------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 18-05-113

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAMILYA NG NAMAYAPANG LEONARDO A. ANDALLON, DATING MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO**

**"SAPAGKAT,** noong araw ng Linggo, Mayo 6, 2018, si G. Leonardo A. Andallon, dating Miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay sumakabilang-buhay sa edad na 56 na taong gulang dahil sa kumplikasyon ng sakit na diabetes;

**"SAPAGKAT,** si Konsehal Leonardo Andallon ay naging miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao simula ng taong 1998 hanggang 2001 at noong Hulyo 1, 2004 hanggang natapos niya ang kanyang tatlong sunod-sunod na termino noong Hunyo 30, 2013;

**"SAPAGKAT,** si Konsehal Andallon ay naging Tserman ng Committee on Public Order and Public Safety, Committee on Public Utilities and Facilities and Committee on Market and Slaugtherhouse na kung saan sinikap niyang maglunsad at itaguyod ang mga programa at proyektong nagdulot ng katahimikan at kaayusan sa mamamayang Bulalacao, nagbigay suporta sa mga programang pangkabuhayan tungo sa kaunlaran at kasaganaan ng bawat tao at pamilya,

**"SAPAGKAT,** *payak man ang pamilya ni Konsehal Andallon, siya naman* ay nabiyayaan ng anim (6) na anak at sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagpupunyagi ng bawat isa ay nakapagtapos ng pag-aaral na ang ilan sa kanila ay masayang namumuhay kapiling ang kanilang mga nabuong pamilya at ang iba naman ay masayang naghahanap-buhay sa mga napiling propesyon;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** bilang isang pananampalatayang kristiyano, ang pagpanaw ni Konsehal Andallon ay hindi katapusan bagkus, ito ay isang panibagong buhay kapiling ang Diyos na Siyang Maylikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pamilya ng namayapang Leonardo A. Andallon, dating Miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, at pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Mayo 11, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM-Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 05/18/2018

180515/PLP/jpc

Scanned with CamScanner